

Ano ang kailangan  
ninyong malaman  
tungkol sa...

## Pagtago ng Gamot Na Hindi Maabot ng mga Bata

Madaling makalimutan kung gaano kamausisa at kabilis ang mga bata pagdating sa pagkuha ng mga gamot na pwede nilang maabot. Nandito ang ilang simpleng mga pamamaraan upang makatulong na itago ang mga gamot, mga bitamina, at mga suplemento na hindi maabot ng kanilang mga maliliit na kamay.

### Ilagay ang gamot sa mataas at malayo pagkatapos ng bawat gamit

**Itago ang mga gamot, mga suplemento, at mga bitamina sa mataas, nakakandado na kabinet.**

Ang mga bata ay mahuhusay umakyat, kaya itago ang mga gamot sa hindi makikita at nakaseguradong hindi maabot.

**Mga hindi mabuksan ng bata na mga takip ay importanteng pangdepensa.** Ilagay sila sa lahat ng inyong mga gamot kung mayroon kayo ng mga ito. Tandaan: Ang mga hindi mabuksan na mga takip ay hindi *ligtas sa mga bata* na mga takip. Maaari itong mahirap para sa mga batang buksan ang mga bote, pero hindi ang mga ito ligtas sa mga bata, kaya huwag umasa lamang sa kanila bilang inyong panghadlang para sa kaligtasan.

**Ilagay ang gamot sa orihinal na lalagyan nito,** para hindi ninyo itong mapagkamalan na iba.

**Isama sa inyo ang gamot kung ikaw ay saglit na tinawag.** Ang pag-iwan nito habang nagbubukas kayo ng pinto o sumasagot ng tawag sa telepono ay maaaring magbigay sa bata ng madaling paraang maabot ito.

**Huwag uminom ng gamot sa harapan ng mga bata o tawagin itong "kendi."** Maaaring subukan nila ito kapag nag-iisa kung ito ay mukhang masarap.

**Mag-ingat tungkol sa mga pitaka at mga bag para sa grocery.** Gustong-gusto ng mga bata na galugarin ang mga ito, kaya itago ang mga ito sa hindi maabot at ilagay kaagad ang mga bagong-bili na gamot sa mataas at malayo. I-alerto ang mga lola, mga yaya, at iba pang mga panauhin na huwag iwan ang mga bag na walang bantay.

**Itapon ang gamot na nag-expire na o hindi na ginagamit.** Ang mga tatak ay maaring mayroong mga tagubilin para sa pagtapon. Mag-ingat sa paglagay nito sa mga basurahan na maaaring maabot ng mga bata.

### Ano ang gagawin kapag ang inyong anak ay nagkamaling uminom ng gamot

- **Tawagan ang Sentro sa Pagkontrol ng Lason (800-222-1222),** kahit na hindi kayo sigurado. Dapat hawak ninyo ang bote. Maaari rin kayong tanungin ng karagdagang impormasyon. Ang mga propesyunal na ito ang makapagsasabi sa inyo kung masasaktan ng gamot ang inyong anak at ano ang susunod na gagawin.
- **Tawagan kaagad ang 911** kung hindi magising ang inyong anak, nahihirapan huminga, o walang tigil na nanginginig.
- **Huwag sapilitang pasukahin.** Ang mga doktor ay hindi na nagrerekomenda ng mga pangagamot tulad ng syrup ng ipecac, kung saan ay pinapasuka ang mga bata. Maaari nitong magawang imposible na "mapanatili" ang mga panggamot na maaaring makatulong.



### I-download ang LIBRENG Kid's Wellness Tracker

Subaybayan ang taas, bigat, BMI, mga bakuna, mga sintomas, at mga gamot, at ikalkula ang dosis.



Mga Makakatulong na Karunungan sa Kalusugan galing sa McNeil Consumer Healthcare Division ng McNEIL-PPC, Inc., ang manggagawa ng Children's TYLENOL® at Children's MOTRIN®

Ang App Store ay isang paglilingkod na tatak ng Apple Inc. Ang Google Play ay isang tatak-pangkalakal ng Google Inc. Maaaring gamitin ang mga standard na presyo sa pag-download.

©McNEIL-PPC, Inc. 2013 MHP-005T